

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagbibigay sa iyo ng karapatan na maging anak Niya. Ipanalangin na ang relasyon mo sa Kanya ay patuloy na lumalim araw-araw habang nananatili ka sa piling Niya.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang pagmamahal at kapangyarihan Niya. Hingin sa Kanya na ipaalam sa iyo ang kamag-anak o kaibigan mo na maaari mong matulungan dahil sa naranasan mo.
- Ipanalangin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon para maipahayag ang kapangyarihan, pagmamahal, at kabutihan ni Jesus. Ipanalangin na mabuksan nito ang mata ng mga tao at magabayan sila upang tanggapin si Jesus bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

NOTES

REDISCOVERING CHRISTMAS

FILIPINO WEEK 3

Si Jesus na Diyos at Tao

WARM-UP

- Kapag naririnig mo ang salitang *kapangyarihan*, ano ang naiisip mo? Bakit mo ito naiuugnay sa kapangyarihan?
- May kakilala ka bang tao na malakas ang personalidad subalit mapagmahal? Paano niya ipinakita ang mga katangiang ito?
- Ano ang pinaka hindi mo malilimutang ala-ala kasama ang mga magulang mo? Ano ang nangyari?

WORD

Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya. JUAN 1:14

(Basahin din ang **JUAN 1:1-5**.)

Ang Ebanghelyo ayon kay Juan ay nagsimula sa pahayag na si Jesus ang Salita na *nagkatawang-tao* at *namuhay na kasama natin*. Hindi lamang siya ang Cristo na hinihintay ng mga Hudyo. Siya mismo ang Diyos sa anyo ng tao. Siya ay ganap na Diyos at ganap din na tao. Bilang *kaisa-isang Anak ng Ama*, Siya ay naparito upang makita natin ang kaluwalhatian ng Ama. Ngayon ay titignan natin ang ilan sa mga katangian ni Jesus bilang Diyos at tao.

1 Isang Makapangyarihang Diyos

¹Nang pasimula, naroon na ang tinatawag na Salita. Ang Salita ay kasama ng Diyos at ang Salita ay Diyos. ²Sa simula pa'y kasama na siya ng Diyos. ³Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya. **JUAN 1:1-3**

Ipinakita sa atin ni Juan na si Jesus, ang Salita, ay walang hanggan at Siya ang lumikha ng lahat ng bagay. Naroon na Siya noong *pasimula* pa lamang, at sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, *nalikha ang lahat ng bagay*. Paano nakita ang kapangyarihang ito sa ministryo at mga gawa ni Jesus? Paano mo naranasan ang kapangyarihan ni Jesus?

2 Isang Mapagmahal na Diyos

Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya. **JUAN 1:14**

Si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay nagkatawang tao at namuhay sa mundo kasama natin, kahit pa nangangahulugan ito ng kawalan ng ginhawa at pagkakaroon ng mga pasakit. Ang kamatayan Niya sa krus ay ganap na nagpakita ng Kanyang pagmamahal (Juan 3:16). Paano ipinakita ng pagiging tao ni Jesus ang pagmamahal Niya sa atin? Paano mo naranasan ang pagmamahal ni Jesus sa iyo?

3 Isang Diyos na Nagliligtas

¹²Ngunit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging anak ng Diyos. ¹³Naging anak sila ng Diyos hindi sa pamamagitan ng pisikal na pagkasilang o dahil sa kagustuhan ng tao kundi dahil sa kalooban ng Diyos...¹⁶Sa kasaganaan ng kanyang biyaya ay tumanggap tayong lahat ng sunud-sunod na pagpapala. **JUAN 1:12,13,16**

Hindi lamang inililigtas ni Jesus ang mga naniniwala sa Kanya, kundi ibinibigay din Niya ang *karapatang maging anak ng Diyos*. Iniligtas Niya tayo at binigyan ng pagkakakilanlan bilang mga anak Niya. Ano ang ibig sabihin ng pagiging anak ng Diyos? Paano natin matatanggap ang pagkakakilanlang ito sa pamamagitan ng pananampalataya?

APPLICATION

- Tinanggap mo na ba si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Paano ipinakita sa iyo ng Diyos na Siya ay puno ng kabutihan at katotohanan? Paano nito nabago ang paraan mo ng pagkilala at pakikisalamuha sa mga tao sa paligid mo?
- Paano naapektuhan ang paraan mo ng pamumuhay ng kaalaman na ikaw ay anak ng Diyos? Ano ang dalawang bagay ang gagawin mo sa ibang paraan ngayong linggo dahil sa kaalamang ito?